INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume VI, Issue 2 February 2026, eISSN: 2799-0664

# Ang Talumpati Bilang Lunsaran sa Pagtuturo ng Wika at Panitikan

**JENNEFER E. VALENZUELA**
Department of Education
Jolian Soriano Memorial Comprehensive High School
jennefer.ebarle@deped.gov.ph

**HANNAH MAE A. TALAVER**
Department of Education
Jolian Soriano Memorial Comprehensive High School
ydelynmae23@gmail.com

**GEMMA S. OROSCA**
Jose Rizal Memorial State University-Dipolog Campus
gemmaorosca@jrmsu.edu.ph

*Abstrak* — Layunin sa pag-aaral na ito na masuri ang talumpati bilang lunsaran sa pagtuturo ng wika at panitikan. Gamit ang kwalitatibong pagsisiyasat napalutang ang hanagarin ng pag-aaral. Sa pamamagitan ng talumpati na ginamit ng dating Pangulong Benigno Aquino III mula 2022-2023 na mga mensahe. Ginamit sa pagsusuri ang structural Functionalism upang matukoy ang konseptong napapaloob. Nilalayon nitong maikita ang imahe ng lipunan at tahanan sa bawat kapanahunan kung saan maging gabay sapagtuturo ng pinagsanib na wika at panitikan. Maiangat ang antas ng pagsusuri gamit ang akdang pampanitikan na Talumpati. Magamit ito hindi lamang sa pangkaraniwang usapan, bagkus maging pundasyon ito sa paglinang ng karunungan sa sistemang pang-edukasyon at higit sa lahat maging kapaki -pakinabang sa tahanan at lipunang ginagalawan. Ang mahalaga ay magamit ang talumpati bilang midyum sa paglinang ng kasanayan sa anumang usapin, komunikasyon at transaksyon maging legal at sa pang – edukasyong talakayan. Pinaniniwalaan sa pag – aaral na ito na lubhang kailangan ang isang pagsususri ng talumpati bilang tugon sa anumang kamangmangan o pag – aalinlangan ng mga mamamayang Plipino upang ganap na maunawaan at mababakas ang tunay na mithiin ng pamahalaan. Ang pananaliksik tungkol sa paggamit ng talumpati bilang lunsaran ay sadyang makabuluhan sa larang ng wika at panitikan. Gayundin, bilang pangangalaga sa karapatang pantao na ang tunguhin ay maipabatid at maipaunawa sa lahat ng mga nasaskupan ang anumang usaping panlipunan nang ang lahat ay kabilang sa isang pamayanan.

***Susing Salita* — *Lunsaran sa Pagtuturo, Panitikan, Talumapti, Wika***

## I. Introduksiyon

Ang talumpati ay isang buod ng kaisipan o opinyon ng isang tao na pinababatid sa pamamagitan ng pagsasalita sa entablado para sa mga pangkat ng mga tao. Isang uri ito ng komunikasyong pampubliko na nagpapaliwanag sa isang paksa na binibigkas sa harap ng mga tagapakinig. Binanggit ni Lolita Nakpil sa kanyang aklat na Gintong Pamana , ito ay isang sangay

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

ng panitikang nagpapahayag ng kaisipan upang basahin o bigkasin. Ang mga tiyak na layunin ng talumpati ay humikayat, tumugon, mangatwiran, magbigay ng kaalaman o impormasyon at maglahad ng isang paniniwala. Samakatuwid, lumilinang ito ng malikhaing pag – iisip at nakapagpapanatili ng ugnayan sa isa't isa.

Angkop na gamitin sa pag–aaral na ito ang mga talumpati ng dating Pangulo ng Pilipinas na si Benigno Aquino III sapagkat siya lamang ang namumukod–tanging pangulo na nagpapakita ng pagtangkilik sa paggamit ng talumpati bilang tulay sa paghahatid ng mensahe tungkol sa kalgayan ng bansa at ng mga mamamayan nito sa nakaraan, kaslukuyan o maging sa hinaharap na may pagpapahalaga, pagmamahal at pagtitiwala sa wikang Filipino. Ang mga taulampati ng dating pangulo ay itinuturing na mahalagang dokumento na dapat masuri, mabasa at maipabatid sa madla, gayundin, matukoy ang tunaay na mensahe, tema at mabigyang – pansin lalo na ang mga panunuring pamapanitikan at panlinggwistika.

Batay sa naging karanasan ng mananaliksik sa pagtuturo, nasaksihang nahihirapan sa pasulat na paraan ang mga mag – aaral sa pamamagitan ng pagbuo o pagsulat ng sanaysay, , pasalita o aktuwal na pagtatalumpati lalo na sa pagsusuri ng nilalaman nito.

Sa pangkalahatan, matutukoy na ang kahinaan ng mga mag –aaaral ay nakasentro sa kaalamang panlinggwistika, pangkomunikatibo (pasalita at pasulat) at panunuring kontekstuwal ng mga akdang pampanitikan. Kaya nga naman, ang pag – aaral na ito ay ginawa upang maging gabay at daluyan sa pagtuturo sa disiplina ng wika at panitikan gamit ang talumpati ng dating pangulo.

**Rebyu ng mga Kaugnay na Literatura at Pag-aaral**

Ang panitikang tuluyan o prosa ay ang "wika ng katuwiran" sapagkat itoy bibubo ng mga pangungusap na walang sukat (Baritugo, et al.,2008). Nag-uugnay ito ng mga pangyayari, ngpapahayag ng mga kaisipan at naglalahad ng mga opinion.Ito rin tumutugon sa pang araw-araw na mga huwaran sa pagsasalita at ginagamit upang maglaan ng detalyadong paglalarawan sa mga ideya, bagay at sitwasyon (Sialongo,et al 2007). Ilan sa mga halimbawa ng anyong tuluyan ang nobela o kathambuhay, maikling katha o maikling kwento, dula, alamat, pabula, parabola, anekdota, sanaysay, talambuhay, balita at talumpati ( Villafuerte, et, al., 2000). Lahat ng nabanggit ay maaaring ipahayag ng pasalita at ilathala sa mga aklat, magasin at iba pang uri ng babasahin. Ngunit kaiba sa lahat ng mga ito ang talumpati na maaaring nakalimbag nga, subalit hindi ganap na matatawag na talumpati kung hindi bibigkasin sa harap ng balana(entablado).

Ayon kina Bernales, et al.,(2011), marami na'ng natanyag at nagtagumpay na mga guro, tagapamayapa, rebelde at pinunung bayan dahil sa kanilang katangi-tanging kakayahan sa pagtatalumpati na kinalugdan ng mga tagapakinig. Ilan sa kanilay si Demosthenes, isang kilalang orador o mananalumpati ng sinaunang Atenas, at sina dating pangulong Abraham Lincoln, Franklin D. Roosevelt at Jhon F. Kennedy ng Estados Unidos. Karamihan sa kanila'y hindi noon

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

magaling magsalita, ngunit dahil sa paulut-ulit nilang pagsasanay ay natuto silang bumigkas ng mahusay at kalauna'y natanyag sa daigdig.

Bagama't masasabing napakarami na ng mga uri ng talumpating itinala nina Casanova at Rubin at nina Tendero, hindi rin maikakailang marami pang uri ang kinakailangang ilathala ng iba pang manunulat. Isa na rito ang talumpati sa kalagayan ng bansa na mas kilala sa saling ingles nitong State of the Nation Address o pinaikling SONA na hinango sa talumpati sa kalagayan ng Unyon ( State of the Union Address ) ng Stados Unidos. Kahalintulad ito ng talumpati mula sa trono (Speech from the Throne) na binibigkas naman sa mga bansang pinamamahalaan ng monarka at parlamento.

Isang pag-aaral na may pakahawig sa kasalukuyang pag-aaral ang natagpuan ng mga mananaliksik. Ito ay ang isinagawang pagsusuri nina Remo at Villena (2011) sa tatlong piling State of the Nation Address o SONA ng dalawang naging pangulo at ng kasalukuyang pangulo ng ating bansa. Nabatid nila sa kanilang pag-aaral ang kahulugan at ang mga bagay na karaniwang ipinahahayag sa isang SONA. Nalaman din nila na ang mga pangunahing paksang tinalakay sa sinuring tatlong sona ay yaong pamamahala, ekonomiya, edukasyon, kaayusan, kapayapaan at karunungan. Nabatid din nilang napauunlad ng tema, nilalaman, layunin at wika ang alinmang talumpating binibigkas at natuklasang nagsisilbing magandang halimbawa ng isang mabuting talumpati ang alinmang SONA. Iminumungkahi nila ang anumang pagtutro ang ganitong uri ng talumpati sa mga asignaturang oral communication at public speaking ng sa gayo'y mapukaw ang kawilihan ng mga mag-aaral na pag-aralan ang nilalaman ng SONA.

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matugunan ang mga problema at mga suliraning kinakaharap ng ating bansa at kung paano ito mabigyang solusyon ang mga problemang kinakaharap ngayon gaya ng droga,kurapsyon at katiwalian. Isang taon nang inilunsad ni pangulong Duterte ang kanyang kampanya kontra-droga,maraming pinoy parin ang hati ang pananaw sa kung anong paraan ang dapat isagawa para mapuksa ang paglaganap ng bawal na gamut. Sa espeyal report ni Arnold clavio sa GMA News TV, sinabing suportado ni Manuel Co. chairman ng barangay Commonwealth,ang kamay na bakal na ipinatupad na Drug war ni Duterte. "Tama lang ang ginawa ng ating presidente na patayin talaga ang mga yan,salot yan"aniya".

Pero si Tok Curpos ng Center for Christian Recovery mas pabor sa hindi madugong kampanya para mabigyan ng pagkakataon ang mga sangkot sa droga na makapagbago. .ayon kay Co,malaking tulong sa kanilang komunidad ang kampanya kontra-droga ng pamahalaan. Noong nagdaang mga taon,mahigit 500 drug users daw ang natukoy sa kanilang barangay. Pahayag pa niya kapag hindi ka naman lumaban o kaya nagbago ka, wala naming mangyayari sayo, hindi ba sabi ni presidente, tumigil ka hindi ka mamamatay,hindi ka makukulong. Eh, ayaw mong tumigil ".kaya para sa kapitan ng barangay kailangan ang kamay na bakal sa pagharap ng problema ng droga. "Malaking tulong yon kasi takot sila dahil mismong ang Presidente natin ang nagbabala sa kanila na tumigil na sila. At kapag hindi sila tumigil sabi ng Presidente natin" Papatayin ko kayo

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

kaya natakot sila."Paliwanag niya. Para naman kay Corpus hindi mga adik ang binibilang kung hindi ang nais magbago. Kaya hindi totoong walang pag-asa ang isang adik.

Dagdag pa ni Oliveros chairman ng Episcopal Commission on Bioethics ng Catholic Bishop Conference of the Philippines . sinabi ng Obispo na napatunayan na umano na hindi sagot ang death penalty sa pagsawata ng mga karumal-dumal na krimen sa bansa nang ipinatupad noon ang parusang kamatayan. Mapigilan lamang ang krimen kung seryoso ang pamahalaan at anumang ahensya sa kanilang trabaho..nagpatuloy parin ang pag-taas ng bilang ng krimen dahil sa talamak parin ang kurapsyon sa alin mang sangay ng gobyerno. Sinabi niya na dapat parusahan ang mga nag-aalok ng tumanggap ng suhol particular ang opisyal na dapat magpatupad ng hustisya para sa mabilis na pagresolba ng kasong droga.

Sa pahayag ni Temario Rivera ng CenPeg, ang katiwalian sa bansa ay isa ng suliranin na maiuugat sa mismong Sistema at istruktura ng pamahalaan at "mauunawaan lamang at matugunan kung titingnan sa konteksto ng panlipunan,pang ekonomiko at pulitikal na mga kalakaran at institusyon na nagsusustina nito." Ibig sabihin sa mismong uri ng lipunang kaayusan-noon at hanggang ngayon- namumugad at umaalagwa ang katiwalian. At napatunayan ito batay sa pag-aaral ng Transparency International na nakabase sa London,Great Britain,na isa ang Pilipinas sa may pinakatiwaling pamahalaan sa rehiyon ng Asya-Pasipiko. Kaya isang panukalang batas ang inihain sa kamara de Representantes na naglalayong isama ang hakbangin para labanan at matigil ang kurapsiyon sa bansa. Sa house Bill na(HB) No.6609 na inihain ng mga kinatawan ng party-list group na CIBAC(Citizenas Battle Against Corruption) ayon kina Reps. Sherwin Tugna at Cinchona Cruz-Gonzales,dapat maituro sa mga kabataan ang mga hakbang na ginagawa ng gobyerno at ng pribadong sector para matigil ang katiwalian sa pilipinas. Sa ilalim ng panukala uobligahin ang lahat ng primary at secondary school na isama sa kanilang kurikulom na ituro sa mga mag-aaral ang masamang dulot ng kurapsiyon sa lipunan at kung paano ito malabanan. Ngunit sa loob ng pagpapatupad nito ay Talamak parin ang nasabing kurapsiyon at katiwalian at tila bahagi na panlipunang kalakaran. Ayon kay Andrea Carigma,gusto niyang ipabatid sa madaming tao ang kanyang saloobin nang buong buo at walang pagkukulang patungkol sa pamumuno ni panguling Duterte at sa ugali nito at kung bakit kasuklam-suklam ang kanyang hindi kagandahang asal,hindi magandang pananalita at kung papaano siyang isang hindi magandang halimbawa para sa ating mga kabataan. Binanggit niya mayroong nagsabi na " marami ang nagbubulag-bulagan, kahit na kitang-kita na ang mga senyales ng pagkakamali." Iba ang nababatid niyang pagkakakilala kay pangulong Duterte dahil sa kanyang nakikita at malayo sa ipinapakita sa telebisyon at sa internet na "mandarambong" o masamang taoang Pangulo. Siya ay nalulungkot sa tuwing binabatikos ng maraming tao si pangulong Duterte bilang isang walang modo at may sayad na tao.at para sakanya ay isang responsableng pinuno si Pangulong Duterte. Ayon kay Cedrick Potter sa kanyang sipi na " Sa bawat pagkumpas ng kamay hawak-hawak ang pluma at papel,larawan ng isang lahi ang namukadkad. Sa bawat titik, nakabaon ang pusong nais sumigaw upang maihatid ang sari-saring opinion at ideya. Sa bawat obrang nalilimbag, hatid ay ang ipamulat sa susunod na henerasyon ang makulay na nakaraan at masiglang kinabukasan" dahil sa pamamagitan ng

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

ikinikilos ng isang tao ay mayroon na itong ipinahahatid na mensahe, gaya ng mga simbolo na makikita sa paligid at sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga salig o factor sa pagbuo ng naturang behavior gaya ng pag-uugali,paniniwala,pananaw, at pagkatao. Kaya masasabing ang malawakang pag-iisip at pag-uugali ng isang tao ang dapat

## II. Metodolohiya sa Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay isang kwalitatibo o qualitative na palarawan pananaliksik upang maipakita at mabatid ang mga pamamaraan, nilalaman, kahalagahan ng talumpati ng pangulong Aquino. Ang mananaliksik ay gumagamit ng audio at biswal na pamamaraan ng pagkalap ng mga datos sa pamamagitan ng pagbabasa at pakikinig sa talumpati o SONA (2011- 2013) ng dating pangulong Benigno Aquino III. Ang pagsusuri ay isinagawa upang matuklasan at malinawan ang mananaliksik. Binakas dito ang paglikom ng mga datos na ginamit na batayan sa pagsusuri sa Talumpati bilang lunsaran sa pagtuturo ng wika at panitikan.Pagkatapos ng paglikom ng mga datos, inihiwalay, sinuri at isinagawa ang interpretasyon.

### Pagpili ng Impormante/ Respondente

Masinop na tinitingnan ng mananaliksik ang impormante ng pag – aaral kung saan lahat ng naging pangulo ng Pilipinas ay sinuri ang kanilang mga talumpati. Napapansin ng mananaliksik na tanging si Pangulong Benigno Aquino III ang natatanging pangulo na sa kanyang pagpapahayag ang wikang Filipino ang kanyang midyum sa pagsasalita. Layunin ng pangulo na ganap siyang maunawaan ng mga mamamayan at nagpapakita rin siya ng pagtangkilik sa wikang pambansa. Kaya, ito ang nagbunsod ng mananaliksik nap ag – aralan ang kanyang mga talumpati na maging lunsaran sa pinagsanib na pagtuturo sa larang ng wika at panitikan.

### Pangangalap ng Datos

Ginamit sa panganagalap ng datos ang kuwalitatibong pagsusuri. Mula sa kanyang mga talumpati na ginamit sa State of the nation Address (SONA) 2011 – 2013. Tinalunton ang bawat laman ng talumpati, mula sa paggamit ng wikang Filipino hanggang sa mga mahahalagang kaisipan na napapaloob nito. Masinop na kinulekta ang mga talumpati ng dating pangulo upang maging lunsaran sa gunawang saliksik.

### Pagsasaayos ng mga Datos

Mula sa mga nakalap na mga datos, isa – isang sinuri ng mananaliksik ang nilalaman ng talumpati ni Pangulong Benigno Aquino III upang makabuo ng isang gabay sa pagtuturo ng pinagsanib na wika at panitikan na nakaangkla sa makabagong pamamaraan. Malaman ang kontekstuwal na detalye ayon sa paghahambing at kontrast sa pana – panahon na pamamahala, maisa – isa ang mga mga suliraning pang – ekonomikal at pantahanan. Gayundin, matukoy ang mga tayutay at idyomatikong pahayag na ginamit ng pangulo bilang batayan sa panunuring

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

pampanitikan. Higit sa lahat mailarawan ang tunay na imahe sa pana – panahon na tahanan at lipunan batay sa sinuring akdang pampanitikan. Gumawa ang mananaliksik ng talahanayan para madaling masuri ang layunin ng pag – aaral. Sa Bawat talahanayan, tumutugon ito sa bawat kahingian ng pag – aaral upang makita ang tunay na imahe sa bawat kapanahunan para tuluyang masilip ang kanyang administrasyon. Bukod pa nito, ang mahalaga maggamit ang kanyang talumpati sa paglinang ng kasanayan ng mga mag – aaral upang maiangat ang kalidad ng kanilang edukasyon. Naniniwala ang mananaliksik na ganap ang pagkatuto kung ang mga lunsaran na mga gawain ang tunay na isinagawa at nagyayari sa lipunang gunagalawan.

## III. Mga Natuklasan

Makikita sa talahanayan 1 ang paglalahad ng mga datos tungkol sa kontekstuwal na pagsusuring Panlingwistika at Lipunan. Ipinakita rito ang paghahambing at kontrast sa pana – panahon na pamamahala, mga suliraning ekonomikal at pantahanan.

**Talahanayan 1. Kontestuwal na Pagsusuring Linggwistika at Lipunan**

| **Paghahambing at Kontrast sa Pana – panahon na Pamamahala** | **Mga Suliraning Pantahanan at Pang – ekonomikal** |
|---|---|
| Kung dati ang mga sundalo ay nagbabayad ng halos 5, 000.00 kada buwan na upa, ngayon 200 na lang ang ibabayad para sa bahay na kayo mismo ang magmamay – ari. | Sa halip na maging maunlad, kaliwa't kanan ang nangyaring patayan, |
| Walang Wangwang sa aking administrasyon. Naging hudyat at sagisag po ito ng pagbabago, hindi lamang sa kalsada, kundi pati na rin sa kaisipan sa lipunan | Lumubo sa 25, 000 ang mga namundok at sumali sa iba't ibang kilusan. |
| .Mula sa 20.5 percent na self-rated hunger noong Marso, bumaba na ito sa 15.1 percent nitong Hunyo, katumbas ng isang milyong pamilyang Pilipinong nagugutom dati, pero ngayon ay nakakakain na nang tama kada araw | Tuloy ang pagdusa ng mamamayang dapat nakikinabang na sa proyekto ng bayan |
| | matanggal ang wangwang, hindi lamang sa kalsada, kundi sa kaisipang nagdulot ng baluktot na Sistema |
| | Dagdag-trabaho ang unang panata natin sa Pilipino. Ang 8 percent na unemployment rate noong Abril ng nakaraang taon, naibaba na sa 7.2 percent nitong Abril ng 2011 |
| | Wakasan na po sana natin ang agendang nakatuon sa susunod na eleksyon lamang |
| | ang pagkakaloob ng makatarungang pasahod at benepisyo para sa mga kasambahay; at ang pagpapatupad ng isang mas maayos na sistema ng pensyon para sa atin pong mga kawal. Sinusuportahan din natin ang pagpapalawak ng sakop ng scholarship na ipinagkakaloob ng DOST sa mahuhusay ngunit kapuspalad na mag-aaral; ang pagtataguyod ng pinaigting na pangkalahatang kalusugan; at ang pangangalaga sa ating kalikasan at sa mga pasilidad na titiyak sa kaligtasan ng mga mamamayan sa oras ng sakuna |

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume VI, Issue 2 February 2026, eISSN: 2799-0664

Mapapansin sa talahanayan 2 ang pagsusuring pampanitikan na nakatuon sa mga tayutay na parirala, mga idyomatikong pahayag at ang kahulugan nito. Sinasabi na ang tayutay ay sinadyang paglihis sa karaniwang paggamit ng mga salita upang maging kaakit – akit ang pagpapahayag. Makikita sa ibaba ang mga tayutay na ginamit ng dating Pangulo upang maging makulay at makabuluhan ang kanyang paghahatid n menahe. Sinadya ng pangulo na gumamit ng iba't ibang uri ng tayutay dahil maliban sa kasiningan maikintal at maipunla rin sa puso't isipan ng mga Pilipino ang makapangyarihang gamit ng wika sa pagpapahayag. Gayundin, ang paggamit ng mga idyomatikong pahayag dahil lubos na naniniwala ang pangulo na sa pamamagitan ng matatayog, lalalim at makukulay na mga salita maging kawili – wili ito sa mga Pilipino at nang mapalalim din ang pang – unawa ng bawat mamamamyan.

**Talahanayan 2. Panunuring Pampanitikan**

| Mga Tayutay na Parirala/ Pahayag | Uri ng Tayutay |
|---|---|
| Unti – unting napansin ng mga Pilipino habang nababawasan ang mga pagkain nila sa mesa, parami naman nang parami ang mga sapatos sa Kabinet ni Gng. Imelda Marcos. | Pagsalungat |
| Naniniwala tayong sa halip na magkawatak – watak maaari tayong magkaisa. Sa halip na magnakaw maaari tayong maging tapat at sa halip na matakot, maaari tayong magtiwala sa ating pamahalaan. | Pagtatambis |
| Sa mga minamahal kong kababayan, ang aking butihing mga Boss. | Pagpapalit – tawag |
| Imbes na maglingkod-bayan, para bang sila ang naging hari ng bayan | Pagsalungat |
| Nakikita po natin ang latak ng ganitong kaisipan na pilit bumubulahaw sa aliwalas ng ating biyahe sa tuwid na landas. | Pagsasatao |
| Habang nananatili sa puwesto ang mga utak wangwang na opisyal, naiiwan namang nakalubog sa kumunoy ng kawalang-pagasa ang taumbayan. | Pag – uyam |
| Kailangan pong manatiling magkatugma ang ating mga programa, dahil ang ikauunlad ng buong bansa ay manganganak din ng resulta sa inyong mga pook. | Pagsasatao |
| ang tapat at mabuting pamamahala ay nanganganak ng mabuti ring resulta. | Pagwawangis |
| Ang mga dating kinakaligtaan, bibigyang-puhunan ang kinabukasan. | Pagsalungat |
| Kung may gawin kang mabuti, may babalik sa iyong mabuti. At kung may gawin kang masama, tiyak na ikaw ay maging kaawa – awa dahil mananagot ka. | Pagsalungat |
| Noy, mag-iingat ka, marami kang kinakabangga." | Pagtawag |
| Pinili ninyo ang landas kung saan naaapi ang sambayanan. Pinili naman namin ang landas na ipagtanggol ang taumbayan | Pagsalungat |
| Kaya po, sa sambayanang Pilipino, ang aking Boss na nagtimon sa atin tungo sa araw na ito: | Pagpapalit - tawag |

Makikita sa talahanayan 3 ang mga idyomatikong pahayag na ginamit ng Pangul. Kapansin – pansin na talagang sinadyang hindi paggamit ng pangulo ng mga karaniwang salita upang hindi lantad ang mensahe. Bukod pa rito, nininiwala ang Pangulo na sa pamamagitan ng malikhaing pag – iisip ng mga mamamayaman tiyak na maunawaan din ang mensahe at mga mahahalagang

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

kaisipan na bumabalot sa kanyang talumpati.Tunay na nagpapakitang – gilas ang dating Pangulo pagdating sa talasalitaan, napakalawak ng kanyang bokabularyo sa paggamit ng mga makukulay, matatayog at kaakit – akit na mga pahayag. Makikita sa ibaba ang ilang ginamit niya na mga idyomatikong pahayag at ang kahulugan nito.

**Talahanayan 3. Mga Idyomatikong Pahayag**

| Mga Idyomatikong Pahayag | Kahulugan |
|---|---|
| hari ng bayan | Mga opisyal ng bayan |
| utak-wangwang | Mababang pag – iisip lamang |
| kaban ng bayan | Kayamanan |
| tuwid na landas | Mabuting daan |
| lingkod-bayan | Mga bayani na handing magbuwis ng buhay |
| pagpapakitang-gilas | Pagpapakita ng galling/ kagalingan/ kahusayan |
| isang kahig, isang tuka | Mahirap |
| Nagbubukambibig | Palaging pinag - usapan |
| Haling ang bituka | Mga manhid |
| Kapuspalad | Mahirap |
| Nagtataingang kawali | Nagbingi - bingihan |
| utak-alimango | Madaling mainggit |

## IV. Konklusyon

Ang mga piling talumpati ng dating Pangulong Benigno Aquino III ay pinakaangkop na gamitin sa panunuring pampanitikan. Naging magaan ang ginawang pagsusuri sa tulong rin ng teoryang ginamit para maipakita at maipabatid ang tunay na imahe sa bawat kapanahunan sa kanyang administrasyon. Bukod pa nito, malaking ambag rin ang kanyang talumpati bilang lunsaran sa pagtuturo ng wika at panitikan. Higit sa lahat ang kanyang talumpati ang nagsisilbing tatak ng pagka – Pilipino dahil sa buong husay na ginamit ng dating Pangulo ang wikang Filipino sa kanyang pagpapahayag.

## V. Rekomendasyon

1. Bigyang – pansin sa mga gawaing pagsusuri ang mga pahayag na naghahambing at nagkokontrast, mga suliraning pang – ekonomokal at patahanan na maging gabay sa pang – araw – araw na buhay at pamumuhay. Kalakip rin sa pagsusuri ang nilalaman ng akda na hahamon sa kritikal na pang – unawa ng mga mag – aaral at sa lahat ng mamamayan ng bansa.

2. Magkaroon ng kampanyang pang – impormasyon tungkol sa kahalagahan at kabuluhan ng wikang Filipino bilang epektibong instrumento ng pambansang pagkakaisa at pagpapaunlad na itinadhana sa Memorandum Sirkular Blg. 97 – 153 tungkol sa wikang Filipino bilang midyum na opisyal na komunikasyon at korespondensiya na iniangkla sa kasalukuyang henerasyon tungo sa intelektuwalisadong wika.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 2 February 2026, eISSN: 2799-0664

3. Mahihikayat ang gobyerno ng pamahalaan na maglunsad ng mga panibagong pagsasanay sa paggamit ng wikang Filipino bilang midyum ng opisyal na komunikasyon at pormal na transaksiyon na maging gabay sa mga mambabatas, mga opisyal, mga pinuno, mga kawani at mga alagad ng pamahalaan sa mga punong panlalawigan, mga punong panlungsod, mga punong pambayan at mga punong pambaranggay upang maisakatuparan ang Kautusang Tagapagganap Blg. 335 na makatutulong sa mas maepepreserba at mapapatingkad ang wikang Filipino.

## BIBLIYOGRAPIYA


[1] Almario, Virgilio S.1993. Filipino ng mga Filipino. Manila: Anvil Publishing, Inc.
[2] Bureros, Narcisa S. 2019. Sangandiwa: Dalumat sa Filipino. Mutya Publishing House.
[3] Banawa, Mary Joy D. et. al., 2018. Wika at Kultura sa Mapayapang Lipunan. Mutya Publishing House Incorporated.
[4] Castro, Imelda P. et.al,. 2003. Pagbasa at Pagsulat sa Iba't ibang Disiplina. Valenzuela City. Mutya Publishing House.
[5] Lachica, Veneranda S. 2000. Komunikasyon at Linggwistika. 24 K Printing Co. Press Inc. Valenzuela, Metro Manila
[6] Mangahas, Rogelio G. et. al., 2015. Patnubay sa Korespondensiya Opisyal, Ikaapat na Edisyon, ikatlong limbag, Komisyon sa Wikang Filipino, Manila
[7] Santiago, Alfonso O. 2003. Panimulang Linggwistika sa Filipino. Rex Printing Pres Inc. Quezon City
[8] Tanawan, Dolores S. et.al., 2004. Sining ng Mabisang Komunikasyon, Trinitas Publishing Bulacan
[9] Tumangan, Alcomtiser P. et.al. 2003. Sining ng Pakipagtalastasan. Valenzuela City; Mutya Publishing House, Inc.


Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved